

Hunyo 26, 2020

Kautusang Tagapagpaganap 2020-44

**KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2020-44**  
**(COVID-19 KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP BLG. 42)**

**SAPAGKAT**, mula noong unang bahagi ng Marso 2020, ang Illinois ay naharap sa isang pandemya na nagdulot ng pambihirang sakit at pagkawala ng buhay, na dinapuan ang higit sa 140,000 at lumalaki, at kinukuha ang buhay ng libu-libong mga residente; at,

**SAPAGKAT**, sa lahat ng oras ngunit lalo na sa isang krisis sa kalusugan ng publiko, ang pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-Illinois ay kabilang sa pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan ng Estado; at,

**SAPAGKAT**, habang ang Illinois ay pumapasok sa ikalimang buwan ng pagtugon sa sakuna sa pampublikong kalusugan na dulot ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang bagong malubhang matinding sakit sa respirasyon na kumakalat nang mabilis sa mga tao sa pamamagitan ng mga transmisyong sa respirasyon at nagpapatuloy na walang mabisang paggamot o bakuna, ang pasanin sa mga residente, tagabigay ng pangangalaga sa kalusugan, mga unang tumutugon, at mga gobyerno sa buong Estado ay ngayon pa lang nangyari; at,

**SAPAGKAT**, habang kumalat ang COVID-19 sa Illinois sa kurso ng Gubernatorial Disaster Proclamations, ang mga pangyayari na nagdulot ng isang sakuna sa buong Estado ay nagbago at patuloy na nagbabago, na ginagawang napakahirap na tiyak na mahulaan ang landas na tatahakin ng birus sa mga darating na buwan; at,

**SAPAGKAT**, bilang karagdagan sa pagiging sanhi ng malagim na pagkawala ng 6,800 na mga taga-Illinois at pagpinsala sa pisikal na kalusugan ng sampu-sampung libong iba pa, ang COVID-19 ay nagdulot ng malawakang kawalan sa ekonomiya at patuloy na nagbabanta sa kagalingan ng pananalapi ng isang makabuluhang bilang ng mga indibidwal at mga negosyo sa buong bansa at sa Estado; at,

**SAPAGKAT**, noong Hunyo 26, 2020, dahil sa patuloy na pasanin sa mga mapagkukunan ng ospital, ang inaasahang patuloy na pagkalat ng COVID-19, at ang patuloy na epekto sa kalusugan at ekonomiya na madarama sa darating na buwan ng mga tao sa buong Estado., muli kong idineklara ang lahat ng mga kondehan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, bilang tugon sa emerhensiya ng epidemya at emerhensiya ng kalusugang pampubliko na inilarawan sa itaas, nakita kong kinakailangan na muling ilabas ang mga Kautusang Tagapagpaganap 2020-03, 2020-04, 2020-07, 2020-08, 2020-09, 2020-11, 2020-12, 2020-13, 2020-15, 2020-16, 2020-17, 2020-20, 2020-21, 2020-22, 2020-23, 2020-24, 2020-25, 2020-26, 2020-27, 2020-28, 2020-29, 2020-30, 2020-31, 2020-34, 2020-35, 2020-36, 2020-40, 2020-41, at 2020-42 at dito isinasama ang mga takdang SAPAGKAT ng mga Kautusang Tagapagpaganap na iyon ;

**SAMAKATUWID**, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ibinigay sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa Konstitusyong ng Illinois at mga Seksyon 7(1), 7(2), 7(3), 7(8), 7(9), at 7(12) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, at kahanay ng mga kapangyarihan sa mga batas sa kalusugang pampubliko, inuutos ko ang mga sumusunod, simula Hunyo 26, 2020:

**Bahagi 1: Muling Paglabas ng mga Kautusang Tagapagpaganap.**

Mga Kautusang Tagapagpaganap 2020-03, 2020-04, 2020-07, 2020-08, 2020-09, 2020-11, 2020-12, 2020-13, 2020-15, 2020-16, 2020-17, 2020-20, 2020-21, 2020-22, 2020-23, 2020-24, 2020-25, 2020-26, 2020-27, 2020-28, 2020-29, 2020-30, 2020-31, 2020-34, 2020-35, 2020-36, 2020-40, 2020-41, at 2020-42 sa pamamagitan nito ay muling inilabas ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-44 ang mga sumusunod:

**Executive Order 2020-04 (Pagsara ng James R. Thompson Center; pag-alis ng mga kinakailangan sa pagliban dahil sa sakit para sa mga empleyado ng Estado):**

Ang mga seksyon 2 at 3 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-04 ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-07 (Mga kinakailangan sa pagkikita nang personal):**

Ang seksyon 6 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-07, na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-33 at bilang karagdagang sinusugan at binago sa ibaba, ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

Seksyon 6. Ang probisyon ng Illinois Finance Authority Act na "ang lahat ng pagpupulong ay dapat isagawa sa isang lokasyon sa loob ng Estado na may isang korum ng mga miyembro na pisikal na naroroon sa lokasyong ito," 20 ILCS 3501/801-25, ay suspendido hanggang **Hulyo 26, 2020**. Ang probisyon ng Illinois Administrative Code na ang isang pagpupulong ng Concealed Carry Licensing Review Board na nangangailangan na ang isang "korum ay dumalo sa isang pagpupulong" bilang kundisyon kung kailan "ang mga Komisyonado ay maaaring dumalo telephonically o elektroniko," 20 Ill. Admin. Code 2900.110(c), ay suspendido hanggang **Hulyo 26, 2020**.

Ang mga pampublikong lupon, kabilang ang mga partikular na nakalista sa itaas, ay hinihikayat na matiyak na kahit isang miyembro ay pisikal na naroroon sa lokasyon ng pagpupulong kung ang iba ay dumadalo telephonically o elektroniko. Ang mga pampublikong lupon ay dapat gumawa ng mga hakbang upang magbigay ng video, audio, at/o pag-access sa telephonic sa mga pagpupulong upang matiyak na maaaring masubaybayan ng mga miyembro ng publiko ang pagpupulong, at upang mai-update ang kanilang mga website at mga social media feed upang mapanatiling mabigyan ng kaalaman ang publiko sa anumang mga pagbabago sa kanilang iskedyul ng pagpupulong o ang format ng kanilang mga pagpupulong dahil sa COVID-19, pati na rin ang kanilang mga aktibidad na nauugnay sa COVID-19.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-08 (mga operasyon ng Kalihim ng Estado):**

Ang mga seksyon 3 at 4 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-08, bilang susugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-39, ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-08 ay karagdagang sinusugan at binago tulad ng sumusunod:

Seksyon 5: Sa panahon ng at para sa hindi hihigit sa tatlung araw pagkatapos ng pagwawakas ng Gubernatorial Disaster Proclamations, ang mga kinakailangan sa paglalagay ng mga tagal ng oras kung saan dapat magsagawa ang Kalihim ng pagdinig at maglabas ng pangwakas na mga kautusan alinsunod sa mga Seksyon 2-118, 2-118.1 at 2-118.2 ng Illinois Vehicle Code ay suspendido.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-09 (Telehealth):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-09 ay muling inilabas sa kabuuan at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-11 (Mga Pagbabago sa mga naunang Kautusang Tagapagpaganap; panahon ng abiso sa Department of Corrections):**

Ang seksyon 4 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-11 ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-12 (Mga background check ng manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan; panahon ng abiso ng Kagawaran ng Juvenile Justice; Coal Mining Act):**

Ang mga seksyon 1, 2 at 3 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-12 ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-13 (Pagsuspinde ng admisyon ng Department of Corrections mula sa mga bilanguan sa kondehan):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-13 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-15 (Pagsuspinde sa mga probisyon ng Illinois School Code):**

Ang mga seksyon 5, 6, 7, 8 at 9 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-15 ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-16 (Muling pagmamay-ari ng mga sasakyan; pagsuspinde sa kinakailangan sa pagsasanay sa silid-aralan para sa mga serbisyo sa seguridad):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-16 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Mga Kautusang Tagapagpaganap 2020-03 at 2020-17 (Mga deadline at aplikasyon ng Cannabis):**

Ang mga Kautusang Tagapagpaganap 2020-03 at 2020-17, tulad ng binago ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-18, ay muling inilabas at dapat manatili sa bisa tulad ng tinukoy ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-18.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-20 (Mga kinakailangan sa tulong publiko):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-20 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-21 (Pagpapalaya ng Illinois Department of Corrections sa mga bilanggo):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-21 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-22 (Mga pulong sa bayan; Mga Direktor ng Punerarya at Embalmers Licensing Code; mga pagkakalagay sa ilalim ng Child Care Act ng 1969; mga pagsusumite ng tatak ng daliri sa ilalim ng Health Care Worker Background Act):**

Mga Seksyon 2, 3, 4, 5 at ang Sugnay ng Pagtatapos ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-22 ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-23 (Ang mga aksyon ng Department of Financial and Professional Regulation ng Illinois para sa mga lisensyadong propesyonal na nakikibahagi sa pagtugon sa kalamidad):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-23 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-24 (Forensic Treatment Program ng Department of Human Services Forensic ng Illinois; mga imbestigasyon sa mga emplevado ng Department of Human Services):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-24 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-25 (Garnishment at mga pagbabawas ng sahod):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-25 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-26 (Kapasidad ng ospital):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-26 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-27 (Mga bangkay na nagpositibo sa COVID-19):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-27 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-28 (Mga sertipikasyon ng industrial radiography):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-28 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-29 (Personal na pag-aaral o pagsusuri para sa mga lisensya ng propesyunal na seguro):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-29 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-30 (Mga pag-file ng aksyon ng pagpapalayas sa mga residensiyal; pagpapatupad ng mga utos sa pagpapalaya sa mga hindi residensiyal; mga walang bisa na dokumento ng consular identification; elektronikong pag-file para sa Human Rights Commission ng Illinois):**

Kautusang Tagapagpaganap 2020-30, na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-33, ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-31 (Licensure ng tagapagturo at mga kinakailangan sa pagtatapos ng mag-aaral):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-31 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-34 (Mga kinakailangan para sa Cannabis):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-34 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-35 (Mga aktibidad sa regulasyon ng IDPH):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-35 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-36 (Lisensya ng pagpapakasal):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-36 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-40 (Pagpapanumbalik ng limitadong harapang pagtuturo sa mga paaralan):**

Kautusang Tagapagpaganap 2020-40, na sinusugan sa ibaba, ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

Seksyon 1. Ang lahat ng mga pampubliko at hindi pampublikong paaralan sa Illinois na naglilingkod sa mga estudyante ng pre-kindergarten hanggang ika-12 na baitang ay maaaring magbukas para sa mga harapan na pang-edukasyon na layunin, tulad ng klase sa tag-init, kasunod ang pagkumpleto sa regular na termino ng paaralan 2019-2020. Ang lahat ng mga pampubliko at hindi pampublikong paaralan ay maaaring magpatuloy na magbigay ng pagkain at iba pang mga serbisyo na hindi pang-edukasyon. Ang mga paaralan ay dapat sumunod sa patnubay ng IDPH sa panahon ng Yugto 4 at gumawa ng mga aktibong hakbang upang matiyak ang kaligtasan ng mga mag-aaral, kawani, at mga bisita, kabilang, ngunit hindi limitado ang:

- a. Limitahan ang bilang ng mga tao sa isang puwang hanggang limampu o mas kaunti, na naaayon sa patnubay sa pampublikong kalusugan.
- b. Tiyakin ang pagsunod sa mga kinakailangang pagitan mula sa kapwa-tao sa abot ng makakaya. Para sa mga layunin ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, ang pagitan mula sa kapwa-tao ay kinabibilangan ng pagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakan na pagitan mula sa ibang mga indibidwal at pagbabawal ng pisikal na ugnayan sa pagitan ng mga indibidwal.
- c. Tiyakin ang naaangkop na mga kasanayan sa kalinisan, kabilang ang paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa dalawampung segundo nang madalas hangga't maaari o paggamit ng hand sanitizer, pagtakip sa bibig kapag umubo o bumahing (gamit ang manggas o siko, hindi ng mga kamay), pagbabawal ang pagbabahagi ng mga personal na gamit, at regular na paglilinis sa mga madalas hawakang ibabaw.
- d. Hilingin ang paggamit ng naaangkop na personal na kagamitan sa proteksiyon, kabilang ang paggamit ng mga takip ng mukha ng mga mag-aaral, kawani, at mga bisita na higit sa dalawa ang edad at maaaring gumamit ng takip sa mukha. Ang mga paaralan ay dapat magbigay ng mga takip ng mukha sa lahat ng mga empleyado na hindi kayang panatilihin ang anim na talampakang pagitan mula sa kapwa-tao sa lahat ng oras at, hangga't maaari, gumawa ng tinatapon na mga takip sa mukha na magagamit ng mga mag-aaral.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-41 (Pagtaya sa mga palaro):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-41 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-42 (Mga State Fair):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-42 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Hulyo 26, 2020**.

**Bahagi 2: Sugnay ng pagtatapos.** Kapag anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o aplikasyon nito sa sinumang tao o pangyayari ay walang bisa ayon sa anumang korte ng karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa na ito ay hindi nakakaapekto sa anumang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring bigyang bisa nang wala ang imbalidong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklarang maaaring matapos.

**JB Pritzker, Gobernador**